| English | Filipino (Tagalog) |
|---|---|
| **CANBERRA'S RECOVERY PLAN** | **PLANO NG PAGBAWI (RECOVERY) NG CANBERRA** |
| **COVID-19 Easing of Restrictions Roadmap as at 9 October 2020** | **COVID-19 Roadmap ng Pagluluwag ng mga Paghihigpit sa 9 Oktubre 2020** |
| **STAGE 1** | **STAGE 1** |
| Please refer to the Easing of Restrictions Roadmap as at 26 May 2020 for details of the already implemented Stage 1. | Mangyaring sumangguni sa Roadmap ng Pagluluwag ng mga Paghihigpit noong 26 Mayo 2020 para sa mga detalye ng naipatupad nang Stage 1. |
| **STAGE 2** | **STAGE 2** |
| **Step 2.1** | **Hakbang 2.1** |
| 1 person per 4 square metres | 1 tao sa bawat 4 metro kuwadrado |
| Maximum 20 people | Pinakamaraming bilang ay 20 katao |
| COVID Safety Plan | Plano sa Kaligtasan sa COVID |
| • Beauty therapy, tanning or waxing services<br>• Nail salons<br>• Spa and massage<br>• Tattoo and body modification parlours<br>• Gyms, health clubs, fitness or wellness centres<br>• Yoga, barre, pilates and spin facilities<br>• Galleries, museums, national institutions and historic places<br>• Outdoor amusement/attractions (e.g. zoo)<br>• Choirs, bands and orchestras<br>• Caravan parks and campgrounds<br>• Indoor sporting centres<br>• Low contact indoor and outdoor sport (including dance) | • Pagpapaganda, mga serbisyong pagpapa-tan at pagwa-wax<br>• Mga salon ng manikyur/pedikyur<br>• Mga spa at masahe<br>• Mga parlor ng pagpapa-tato at modipikasyon ng katawan<br>• Mga gym, health club, fitness o wellness centre<br>• Mga pasilidad ng yoga, barre, pilates, spin<br>• Mga galeriya, museo, pambansang institusyon at makasaysayang lugar<br>• Panlabas na libangan/atraksyon (hal. zoo)<br>• Mga koro, banda at orkestra<br>• Mga caravan park at kampo<br>• Mga sentro ng panloob na isport<br>• Panloob at panlabas na low-contact sport (kabilang ang sayaw) |

| | |
|---|---|
| • Further easing of restrictions:<br>- Restaurants, cafés, clubs and other licensed venues<br>- Weddings – 20 people<br>- Funerals – 50 people indoors and outdoors<br>- Places of worship and religious ceremonies<br>- Boot camps and personal training<br>- Pools<br>- Community centres, facilities or youth centres<br>• Universities/CIT and other vocational training providers to increase face-to-face learning where possible<br>• Working from home if it works for you and your employer. | • Karagdagang pagluluwag ng mga paghihigpit:<br>- Mga restoran, kapihan, club at iba pang lisensiyadong lugar<br>- Mga kasal – 20 katao<br>- Mga libing – 50 katao sa loob at labas<br>- Mga lugar ng pagsamba at seremonya ng relihiyon<br>- Mga boot camp at personal na pagsasanay<br>- Mga languyan<br>- Mga sentro ng komunidad, pasilidad o sentro ng kabataan<br>• Mga pamantasan/CIT at iba pang mga provider na bokasyunal na pagsasanay upang maragdagan ang harap-harapang pag-aaral hangga't maaari<br>• Pagtatrabaho mula sa bahay kung ito ay angkop para sa iyo at sa iyong tagapag-empleyo. |
| **Step 2.2** | **Hakbang 2.2** |
| 1 person per 4 square metres | 1 tao sa bawat 4 na metro kuwadrado |
| Maximum 100 people | Ang pinakamaraming bilang ay 100 katao |
| COVID Safety Plan | Plano sa Kaligtasan sa COVID (COVID Safety Plan) |
| • All indoor and outdoor gatherings to maximum 100 people within the 1 per 4sqm rule<br>• For hospitality venues – maximum number of patrons excludes staff and alcohol can be served without food<br>• Reopening of:<br>- Cinemas and movie theatres<br>- Indoor amusement centres, arcades and outdoor/indoor play centres<br>- Betting agencies (Tab and Keno) | • Lahat ng panloob at panlabas na pagtitipon ay may pinakamaraming bilang na 100 katao alinsunod sa patakaran na 1 sa bawat 4 na metro kuwadrado<br>• Para sa mga lugar na hospitalidad – ang mga kawani ay hindi kasama sa pinakamaraming bilang ng mga parukyano at ang alak o alkohol ay maaaring isilbi nang walang pagkain<br>• Muling pagbubukas ng:<br>- Mga sinehan at teatro ng pelikula<br>- Mga panloob na sentro ng libangan, arcade at panlabas/panloob na sentro ng palaruan<br>- Mga ahensya ng pagtaya (Tab at Keno) |

| | |
|---|---|
| • All performances in all locations (including concert venues, theatres, arenas, auditoriums or outdoor venues)<br>• Return to full-contact training for all sports<br>• Circuit training in gyms<br>• Universities/CIT and other vocational training providers to increase face-to-face learning where possible<br>• Working from home if it works for you and your employer. | • Lahat ng mga pagtatanghal sa lahat ng lokasyon (kabilang ang mga lugar ng konsiyerto, teatro, arena, awditoryum o panlabas na lugar)<br>• Pagbalik sa pagsasanay na full-contact para sa lahat ng isport<br>• Circuit na pagsasanay sa mga gym<br>• Mga pamantasan/CIT at iba pang mga provider ng bokasyunal na pagsasanay upang maragdagan ang mga harap-harapang pag-aaral hangga't maaari<br>• Pagtatrabaho mula sa bahay kung ito ay angkop para sa iyo at sa iyong tagapag-empleyo. |
| **From 12 Noon Friday 17 July 2020:** | **Mula sa 12 ng Tanghali Biyernes 17 Hulyo 2020:** |
| • Return to full-contact competition for sport, dance and martial arts | • Bumalik sa kumpetisyon na full-contact para sa isport, sayaw at martial arts |

| **STAGE 3**<br>**Currently in effect** | **STAGE 3**<br>**Kasalukuyang ipinatutupad** |
|---|---|
| Step 3.1 | Hakbang 3.1 |
| 25 Maximum in venue or 1 person per 4 square metres | Ang pinakamaraming bilang ay 25 sa lugar o 1 tao sa bawat 4 na metro kuwadrado |
| Maximum 100 people | Ang pinakamaraming bilang ay 100 katao |
| COVID Safety Plan | Plano ng Kaligtasan sa COVID (COVID Safety Plan) |
| • 1 person per 4 square metres of usable space applies, to maximum of 100 people in each indoor space and each outdoor space (excluding staff on premises)<br>• Reopening of:<br>- Casinos and gaming in clubs<br>- Food courts (dine-in)<br>- Steam-based services, including saunas, steam rooms, steam cabinets and bathhouses<br>- Strip clubs, brothels, escort agencies<br>- 24-hour gyms – maximum of 25 people when unstaffed | • Ipapatupad ang patakaran na 1 tao sa bawat 4 na metro kuwadrado ng magagamit na espasyo, na hanggang sa pinakamaraming bilang na 100 katao sa bawat panloob na espasyo at sa bawat panlabas na espasyo (hindi kasama sa bilang ang mga tauhan na nasa lugar).<br>• Muling pagbubukas ng:<br>- Mga kasino, at gaming sa mga club<br>- Mga food court (pagkain sa mismong lugar)<br>- Mga serbisyo na batay sa steam, kabilang ang mga sauna, steam room, steam cabinet at bathhouse<br>- Mga strip club, bahay-aliwan, escort agency<br>- 24-oras na mga gym – ang pinakamaraming bilang ay 25 katao kung walang tumataong kawani |
| Working from home if it works for you and your employer. | Pagtatrabaho mula sa bahay kung maigi ito para sa inyo ng iyong tagapag-empleyo. |
| **From 9am Friday 18 September 2020:** | **Mula 9 ng umaga Biyernes 18 Setyembre 2020:** |
| • Smaller sized venues, facilities and businesses can return to their pre-COVID capacity, with a maximum of 25 people (excluding staff) across the whole venue. | • Maaari nang magbalik sa dating kapasidad bago mag-COVID ang mas maliliit na mga lugar (venue), pasilidad at mga negosyo, na ang pinakamaraming bilang ay 25 katao (hindi kasama sa bilang ang mga kawani) sa buong lugar. |

| **Step 3.2** | **Hakbang 3.2** |
|---|---|
| • 1 person per 4 square metres | • 1 tao sa bawat 4 na metro kuwadrado |
| • Maximum 200 people | • Ang pinakamaraming bilang ay 200 katao |
| • COVID Safety Plan | • COVID Safety Plan |
| • Electronic contact tracing | • Elektronikong contact tracing |
| • All gatherings can increase to 200 people<br>• Medium-sized hospitality venues with total usable space between 101 and 200 square metres can have a maximum of 50 people throughout the venue (excluding staff)<br>• For cinemas and movie theatres – up to 50% capacity of each theatre, up to 200 people<br>• For large indoor seated venues – ticketed events up to 50% capacity, up to 1,000 people<br>• For enclosed outdoor venues with permanent tiered seating/grandstands – ticketed events up to 50% capacity, up to 1,000 people<br>• For GIO Stadium and Manuka Oval – up to 50% seated capacity<br>• Workplaces may commence a return to the workplace if it suits employers and employees. If workplaces choose to return, a COVID- Safe Plan should be in place. | • Lahat ng mga pagtitipon ay maaaring tumaas ang bilang hanggang sa 200 katao<br>• Ang mga katamtamang-laking mga lugar ng hospitalidad na may kabuuang magagamit na espasyo sa pagitan ng 101 at 200 metro kuwadrado ay maaaring magkaroon ng pinakamaraming bilang na 50 katao sa buong lugar (hindi kasama sa bilang ang mga kawani)<br>• Para sa mga sinehan at teatro ng pelikula – hanggang 50% ng kapasidad ng bawat teatro, na hanggang 200 katao<br>• Para sa mga malalaking panloob na venue na may mauupuan – ang mga tinitiketang kaganapan ay hanggang 50% ng kapasidad, na hanggang 1,000 katao<br>• Para sa mga nakakulob na panlabas na venue na may permanenteng baha-bahagdang mauupuan/mga grandstand - ang mga tinitiketang kaganapan ay hanggang 50% ng kapasidad, na hanggang 1,000 katao<br>• Para sa GIO Stadium at Manuka Oval - hanggang 50% ng nakaupong kapasidad<br>• Maaaring umpisahan ang pagbabalik sa lugar ng trabaho kung makakabuti sa mga tagapag-empleyo at mga empleyado. Kung pipiliin ng mga lugar ng trabaho na magbalik, dapat ay may itinalagang COVID- Safe Plan |

| **FUTURE CONSIDERATIONS** | **MGA PAGSASAALANG-ALANG SA HINAHARAP** |
|---|---|
| Timing to be confirmed | Kukumpirmahin pa ang tiyempo |
| Highest-risk activities and settings, including:<br>• Mass gatherings (e.g. festivals)<br>• Larger conferences and conventions<br>• Nightclubs. | Mga aktibidad at tagpuan na may pinakamataas na panganib, kabilang ang:<br>• Mga pagtitipon na pangmasa (hal. mga piyesta)<br>• Mas malalaking kumperensya at kapulungan<br>• Mga nightclub. |
| **COVID Safe check points** | **Mga COVID Safe na check point** |
| Public health risk assessment informed by monitoring the impacts of eased restrictions. | Ang pagtatasa ng panganib sa pampublikong kalusugan ay batay sa pagsubaybay sa mga epekto ng pagluluwag sa mga paghihigpit. |
| **Next check point 6 November 2020** | **Susunod na check point 6, Nobyembre 2020** |
| Avoid public transport in peak hour. | Iwasan ang pampublikong transportasyon sa pinakaabalang oras (peak hour). |
| RESTRICTIONS MAY HAVE EASED BUT YOUR RESPONSIBILITY HASN'T | MAAARING LUMUWAG ANG MGA PAGHIHIGPIT NGUNIT ANG IYONG RESPONSIBILIDAD AY HINDI |
| Maintain good hand hygiene | Panatilihin ang wastong kalinisan ng kamay |
| Stay 1.5 metres apart | Panatilihin ang pagitan na 1.5 metro sa iba |
| Stay home if you are unwell | Manatili sa bahay kung masama ang iyong pakiramdam |
| Get tested if you have symptoms of COVID-19 | Magpasuri kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 |
| Further information at covid19.act.gov.au | May karagdagang impormasyon sa covid19.act.gov.au |